

ANG BEIJING DECLARATION AND PLATFORM FOR ACTION (BPFA)¹ AT ANG PROSESO NG PAGTATASA NG BEIJING + 25



Noong Setyembre 15, 1995, ang **Beijing Declaration and Platform for Action (BPfA)** ay pinagtibay sa pamamagitan ng consensus ng 189 na mga bansa sa Ikaapat na Pandaigdigang Kumperensya ng mga Kababaihan na ginanap sa Beijing, China. Ang BPfA ay isang deklarasyong ipinagtibay at pinagyayaman ng Convention on the Elimination of Discrimination Against Women (CEDAW). Isa itong panandangbato para sa pagsusulong ng kilusan ng mga kababaihan sa buong mundo. Isa itong blueprint para makamit ang karapatang pantao ng mga kababaihan. Kinikilala nito na ang di pagkapantay-pantay ay matinding hadlang para makamit ang karapatang pantao ng mga kababaihan, ng pagkapantay-pantay ng mga kasarian, ng kapayapaan at seguridad, at kalayaan mula sa kahirapan.

May **12 na kritikal na usapin** ang BPfA: **(1)** kababaihan at kahirapan; **(2)** edukasyon at pagsasanay sa mga kababaihan ; **(3)** kababaihan at kalusugan; **(4)** karahasan laban sa kababaihan; **(5)** kababaihan at ang armadong tunggalian; **(6)** kababaihan at ang ekonomya; **(7)** kababaihan sa pamahalaan at nasa posisyon at proseso ng pagdedesisyon; **(8)** mga mekanismo para sa pag-unlad ng mga kababaihan; **(9)** karapatang pantao ng mga kababaihan; **(10)** kababaihan at midya; **(11)** kababaihan at ang kalikasan; at **(12)** mga batang babae. Ang lahat ng mga ito ay mahalaga at dapat na pagtuunan ng tamang pansin para makamitan ang pagkakapantay-pantay ng mga kasarian, upang makamit ang karapatang pantao ng mga kababaihan sa larangang pang-kultura, ekonomya, kalikasan, pampulitika at panglipunan. Sa bawat kritikal na usapin, ay nagbuo ng “roadmap” na nagtatakda ng mga layunin at konkreong hakbangin para maisakatuparan ang mga plano para sa pagpapaulad sa katayuan ng mga kababaihan.

Tinataguyod ng BPfA ang karapatang pantao ng mga kababaihan at nananawagan para sa mas malakas na komitment mula sa mga gobyerno at mga institusyon na makamit nang tuluyan at maipatupad ang “roadmap” na itinakda ng BPfA, kahit pa may bisang boluntaryo lamang ito. Ang mga sumusunod ay kinakailangan para sa epektibong pagpapatupad ng BPfA: **(1)** paglalaan ng sapat na rekurso para sa pagsulong ng kababaihan, **(2)** pagpapalakas ng kapasidad ng mga institusyon na nagsusulong ng karapatan ng mga kababaihan, **(3)** pantay na oportunidad at partisipasyon ng mga kababaihan sa lahat ng antas ng paggawa ng polisiya, at **(4)** pagtatayo at paglalagat ng mga mekanismonang may pananagutan sa mga kababaihan sa buong mundo.²

¹United Nations (1995). Report of the Fourth World Conference on Women. Retrieved from <https://www.un.org/womenwatch/daw/beijing/pdf/Beijing%20full%20report%20E.pdf>

²United Nations (1995). The United Nations Fourth World Conference on Women: Institutional Arrangements, Financial Arrangements. Retrieved from <https://www.un.org/womenwatch/daw/beijing/platform/plat2.htm>



Mga rali-demonstrasyon noong 1995 Beijing Conference

Photo Credit: Jo Freeman



Balangkas ng Pagrerebyu ng BPfA +25

Ang balangkas para sa sistemang pananagutan sa BPfA para sa mga kasaping bansa ay rerepasuhin kada limang taon ng implementasyon sa rehiyunal at pandaigdigang antas. Sa pandaigdigang antas, ang Commission on the Status of Women (CSW) ang mangunguna sa pagtatasa at pagpapatupad ng BPfA. Sa kanilang ika-64 na sesyon sa Marso 2020, ang mga kinatawan ng mga kasaping bansa, mga civil society na mga organisasyon at iba pang stakeholder ay magpupulong sa New York para tapusin ang proseso ng rebyu ng implementasyon ng BPfA, makalipas ang 25 taon mula nang ito ay napagtibay.³

Sa rehiyunal na antas naman, ang mga komisyonang pangrehiyon sa pakikipagtulungan sa mga rehiyunal na opisina ng UN Women ang nangunguna sa koordinasyon ng pambansang proseso ng rebyu sa Beijing +25, na naaayon sa mga pambansang ulat. Sa Asya Pasipiko naman, ang UN Economic and Social Commission for Asia and the Pacific (ESCAP), sa pamamagitan ng kanilang Committee on Social Development, ay nagsimula nang magsulat ng outcome na dokumento. Ito ay para sa Rebyu para sa Rehiyon ng Asya Pasipiko para sa ika-25 na anibersaryo ng Beijing Declaration and Platform for Action: Beijing + 25 Review bilang kontribusyon sa pandaigdigang proseso ng rebyu ng Beijing +25.

Yaman lang na mauuna ang mga member-states ng United Nations sa mga rehiyunal at pandaigdigang proseso ng pagtatasa, hinihikayat ito na makipag-pulong na sa mga civil society na mga organisasyon at iba pang stakeholders para siguruhin ang mga pambansang-antas na pagtatasa sa implementasyon ng BPfA. Ang mga pambansang-antas na mga ulat ay inaasahan magkapagpakita rin ng mga naranasang hamon sa pagpapatupad ng BPfA. Kailangang maisama din sa mga pambansang-ulat ang resulta ng mga diskusyon ng mga sumusunod: (1) limang taon (5-Year) sukat para sa 2030 na Adyenda para sa Sustainable Development, (2) ika-20 na anibersaryo ng UN Security Council Resolution (UNSCR) 1325 tungkol sa Kababaihan, Kapayapaan at Seguridad, at ng (3) ika-75 na anibersaryo ng UN. Hinihikayat din ang civil society na mga organisasyon na magsumite ng mga shadow reports sa UN Women para sa makapag-bahagi ng impormasyon para sa mga pang rehiyunal na proseso ng pagtatasa.

Pakikipag-ugnayan sa mga Civil Society na mga Organisasyon para sa Proseso ng Rebyu ng BPfA +25

Gagawin rin ng ESCAP at UN Women ang proseso ng rebyu ng Beijing +25 sa Rehiyong Asya Pasipiko at magtatalaga ito ng isang Rehiyunal na Komite mula sa Civil Society na mga organisasyon na magpapatakbo ng Beijing +25 (Regional Steering Committee) at bubuohin ito ng sampung (10) civil society na mga organisasyon. Ang pangunahing layunin ng Komite na ito ay gabayan ang partisipasyon at kontribusyon ng mga CSO sa proseso ng pagtatasa sa Rehiyong Asya Pasipiko at siguruhin ang koneksyon nito sa pandaigdigang proseso ng pagtatasa sa ika-64 na Sesyon ng Commission on the Status of Women (CSW64) sa New York sa Marso 2020.

Magaganap naman ang opisyal na Rebyu para sa Asya Pasipiko sa ika-25 na Anibersaryo ng Beijing Declaration and Platform for Action sa 25-28 Nobyembre 2019. Ang Regional Steering Committee ay mag-oorganisa ng Civil Society Forum bago nang pagpupulong ng mga kinatawan ng mga gobyerno. Mananawagan din ang Komite para sa partisipasyon at input mula sa sub-rehiyon ng Asya Pasipiko at mga tiyak na mga constituencies.

Mga Takdang Prayoridad ng APWLD

Tinitingnan ng APWLD ang BPfA bilang susing gawain para siguruhin ang pananagutan sa mga isyu ng karapatan ng mga kababaihan. Kinakailangang maayos din ang mga pulong sa iba't ibang antas at siguruhing may puwang ang mga ito na mapag-usapan ang mga nakamit na kasabay ng mga kahinaan sa pagpapatupad ang tunay na pagkakapantay ng mga kasarian. Kailangan ding kilalanin ang mga sistemikong hadlang upang maabot ang tunay na pagkakapantay pantay at mabigyang solusyon ito. Ang pandaigdigang pagtatasa sa BPfA ay kasabay rin ng pagtatasa ng paraan at gawain ng CSW at mga panukala nitong tema para sa mga susunod na CSW. Kung kaya't napaka-halaga para sa mga civil society na organisasyon na makapagsulong ng mga rekomendasyon para sa mga proseso na ito upang marinig at maisulong ito ng mga kasaping gobyerno.

³UN Women (2019) CSW64 / Beijing+25 (2020). Retrieved from <http://www.unwomen.org/en/csw/csw64-2020>

